



# MGA UPDATE SA MAPA NG FLOODPLAIN NG HENRICO COUNTY MGA MADALAS NA ITANONG

Bahagi ang Henrico County sa isang multi-year na proseso kasama ang Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emergency (Federal Emergency Management Agency o FEMA) para imapa ang kasalukuyan nitong panganib sa baha. Sisimulang gamitin ang mga mapang iyon, na tinatawag na Mga Mapa para sa Rate ng Insurance sa Baha (Flood Insurance Rate Map o FIRM) sa Abril 25, 2024.

Inihanda ang factsheet na ito para tumulong na sagutin ang mga katanungan ng mga residente at may-ari ng negosyo hinggil sa proseso, timeline, mga epekto, at mga opsyong may kaugnayan sa mga bagong mapa ng panganib sa baha ng FEMA, kabilang ang kung saan pupunta para sa karagdagang impormasyon.

## 1. Ano ang mga mapa ng panganib sa baha?

Ang mga mapa ng panganib sa baha, na tinatawag ding Mga Mapa para sa Rate ng Insurance sa Baha (Flood Insurance Rate Map o FIRM), ay nagpapakita ng mga antas ng panganib sa baha at mga mahalagang tool sa pagsisikap na protektahan ang mga buhay at property sa Henrico County. Ginawa ng FEMA ang mga mapang ito para sa pamamahala ng floodplain at pagpapalano sa komunidad. Ipinapakita sa mga mapang ito ang mga flood zone ng komunidad, Base na Pagtaas ng Baha (Base Flood Elevation o BFE), at hangganan ng floodplain.

## 2. Bakit magkakaroon ng mga bagong mapa ng panganib sa baha ang Henrico County?

Luma na ang mga kasalukuyang mapa ng panganib sa baha para sa Henrico County dahil batay pa ang mga ito sa data at modelo mula sa 2007 at mga nauna pang taon. Sa paglipas ng panahon, maaaring magkaroon ng malaking pagbabago sa mga pattern ng pag-agos ng tubig at kanal dahil sa erosion ng ibabaw ng lupa, pag-develop, at mga puwersa ng kalikasan. Kasabay ng mga salik na ito, nagbago na rin ang posibilidad ng pagbaha sa ilang partikular na lugar.

Nagsama sa mga bagong mapa ng baha ng mas bagong data gamit ang pinakabagong teknolohiya sa pagmomodelo para makapagbigay ng bagong larawan ng panganib sa baha ng Henrico County. Ang resulta— mas malinaw na larawan ng mga lugar na pinakamalalang na maapektuhan ng pagbaha at mas mahusay na batayan sa paggawa ng mahalagang pasya.

### Dapat Mong Malaman

Bilang karagdagan sa assessment sa panganib sa baha at pagmamapang inihanda ng FEMA, may mga karagdagang lugar ang Henrico County na napapailalim sa panganib sa baha na naimapa at tinutukoy bilang mga Espesyal na Lugar na May Panganib ng Pagbaha (Special Flood Hazard Area o SFHA) sa Komunidad. Hindi isasama ang mga lugar na ito sa pag-update sa mapa ng FEMA na ito, pero ina-update na ang mga ito at inaasahang matatapos ito sa 2025. Alamin ang higit pa sa [henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates](https://henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates). Tingnan din ang tanong 8 para sa higit pang impormasyon tungkol sa Mga Special Flood Hazard Area na tinukoy ng County at mga espesyal na pagsasaalang-alang na nalalapat sa mga ito.

## 3. Sino ang makikinabang sa mga bagong mapa ng panganib sa baha?

Magiging kapaki-pakinabang ang pagkakaroon ng mga mas napapanahon at tumpak na mapa sa maraming grupo sa iba't ibang paraan:

- Magkakaroon ng kakayahan ang mga residente at may-ari ng negosyo na makagawa ng mas mahuhusay na pasya para mapaliit ang posibilidad ng panganib sa kanila at masiguro ang kanilang property mula sa mga pinansyal na pagkalugi dahil sa pagbaha.
- Magkakaroon ang mga tagaplano sa komunidad at lokal na opisyal ng mas malawak na pagkaunawa sa mga peligro at panganib ng baha na nakakaapekto sa Henrico County, at nang sa gayon ay mapabuti nila ang mga lokal na aktibidad sa pagpapalano.
- Makakakuha ang mga builder at developer ng mas detalyadong impormasyon para sa pagpapasya tungkol sa kung saan magtatayo at kung paano maaaring makaapekto ang pagpapagawa sa mga lokal na lugar na may panganib sa baha.
- Madaling maa-access online ng mga propesyonal sa insurance, realty, at lending ang mga update at paparating na pagbabago para mas mahusay nilang mapaglingkuran ang kanilang mga customer at komunidad.

## 4. Ano ang lugar na may mataas na panganib, at paano ko matutukoy kung nasa ganitong lugar ang property ko?

Sa Henrico County, ang SFHA ang tumutukoy ng mga lugar na may mataas na panganib sa baha, na binubuo ng mga SFHA ng FEMA at SFHA ng Komunidad. Kadalasang inilalarawan ang mga lugar na ito na mga floodplain o lugar na matatagpuan sa isang "100-year flood zone." Maaaring mamali ng pagkaunawa sa terminong "100-year flood." Ang mas tumpak na paglalarawan dito ay pagtaas ng baha na may 1% posibilidad na mapantayan o malampasan kada taon. Hindi ito ang baha na mangyayari nang isang beses sa bawat 100 taon. Walang paraan para mahulaan kung kailan mangyayari ang susunod na pagbaha— o ang kasunod pagkatapos ng isang pagbaha.

Bisitahin ang [henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates](https://henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates) para sa higit pang impormasyon at para tingnan ang mga kasalukuyan at bagong mapa. Nakalagay din sa website ang mga detalye sa mga paparating na kaganapan at iba pang kapaki-pakinabang na sangguniang may kaugnayan sa baha.

### MGA ABBREVIATION

**BFE** – Base na Pagtaas ng Pagbaha o Base Flood Elevation

**FEMA** – Pederal na Ahensya sa Pamamahala ng Emergency o Federal Emergency Management Agency

**FIRM** – Mapa para sa Rate ng Insurance sa Baha o Flood Insurance Rate Map

**LOMA** – Liham Tungkol sa Pag-amyenda ng Mapa o Letter of Map Amendment

**LOMC** – Liham Tungkol sa Pagbabago ng Mapa o Letter of Map Change

**NFIP** – Pambansang Programa ng Insurance sa Baha o National Flood Insurance Program

**SFHA** – Espesyal na Lugar na May Panganib ng Pagbaha o Special Flood Hazard Area



I-scan ang QR code para bisitahin ang webpage ng Mga Update sa Mapa ng Henrico para sa karagdagang kaalaman.



Henrico County  
VIRGINIA

## 5. Ano ang kahulugan ng iba't ibang tawag sa zone?

Nagbibigay sa talahanayan sa ibaba ng paliwanag sa mga tawag sa flood zone na makikita sa mga mapa ng pagbaha sa Henrico County.

ANTAS NG PANGANIB	ZONE NA MAY PANGANIB SA BAHA
<b>Mataas na Panganib sa Baha</b>	<b>AE at A Zone.</b> May 1% posibilidad ng pagbaha sa anumang taon ang mga property na nasa mga zone na ito. Tinutukoy din ang mga lugar na ito na SFHA o 100-year floodplain.  Nalalapat ang mga panregulatoryong kinakailangan sa lahat ng pag-develop sa mga lugar na ito, at mandatoryo ang insurance sa baha para sa mga may-ari ng bahay na may pederal na kinokontrol na mortgage.  May 26% posibilidad na magkakaroon ng pagbaha sa isang lugar na may mataas na panganib sa baha sa loob ng 30 taong mortgage.
<b>Katamtamang Panganib sa Baha</b>	<b>Naka-shade na X Zone.</b> May 0.2% posibilidad na magkaroon ng pagbaha sa anumang taon ang mga property na ito. Tinutukoy din ang mga lugar na ito na 500-year floodplain.  Nalalapat ang ilang panregulatoryong kinakailangan sa lugar na ito para sa pag-aangat ng mga istruktura at kritikal na pasilidad.
<b>Mababang Panganib sa Baha</b>	<b>X Zone (hindi naka-shade).</b> Ang mga property na ito ay nasa isang lugar na may mas mababang panganib sa pangkalahatan. Mababa ang panganib sa mga zone na ito, ngunit hindi inaalis ang posibilidad ng panganib.

## 6. Ano ang ibig sabihin na tumaas ang panganib ko sa baha?

Ang mga property na natukoy na may pagtaas ng panganib sa baha ay kinabibilangan ng mga sumusunod na sitwasyon:

- Mga parcel na may dati nang FEMA SFHA na palaki nang palaki, ibig sabihin, umaabot na ang sakop ng FEMA SFHA sa parcel sa kahit isang lokasyon man lang.
- Mga parcel na may dati nang SFHA ng Komunidad na may kasalukuyang FEMA SFHA na palaki nang palaki, ibig sabihin, umaabot na ang sakop ng FEMA SFHA sa parcel sa kahit isang lokasyon man lang.
- Mga parcel na may dati nang SFHA ng Komunidad kung saan iminamapa ang FEMA SFHA sa unang pagkakataon.
- Mga parcel na walang kasalukuyang FEMA SFHA o SFHA ng Komunidad kung saan iminamapa ang FEMA SFHA sa unang pagkakataon.

Sa ilang sitwasyon, posibleng may mga parcel na may pagtaas at pagbaha ng panganib sa baha, dahil maaaring hindi tuwid na linya ang hangganan ng floodplain. Isinasaad ng pagtaas ng mga hangganan ng SFHA na tumaas ang BFE; ibig sabihin, tinatayang umabot ang tubig-baha sa mas mataas na antas sa isang malaking pagbaha kumpara sa natukoy dati. Bilang karagdagan sa tumaas na panganib sa baha, maaaring ilapat sa property ang mga karagdagang kinakailangan para sa regulasyon at pagbili ng insurance sa baha.

Bagama't hindi nito mababago ang iyong mga rate ng insurance sa Pambansang Programa ng Insurance sa Baha (Nation Flood Insurance Program o NFIP), magkakaroon ng mga bagong kinakailangan sa gusali (tingnan ang Tanong #8 ng FAQ para sa higit pang detalye).

## 7. Ano ang mangyayari kung bago lang na naimapa sa SFHA ang aking gusali?

Kung nakasaad sa mga bagong mapa na bago pa lang na naidagdag sa SFHA ang isang gusali sa iyong property, iaatas sa iyo ng batas na bumili ka ng policy sa insurance sa baha kung mayroon kang mortgage mula sa isang pederal na kinokontrol o nakasegurong lender, kapag naging epektibo na ang mga mapa sa Abril 25, 2024. Kung wala kang mortgage, lubos pa ring inirerekomenda ang insurance sa baha, at bahagi ng kadahilanan nito ang **hindi sakop ng karamihan sa insurance ng mga may-ari ng bahay at nagrerenta ang pinsalang dulot ng baha.** Kung nasa isang lugar na may mataas na panganib sa baha ang iyong property, lalong mas mahalaga na protektahan ang iyong pinansyal na katayuan sa pamamagitan ng insurance sa baha.


Para makatulong na mabawasan ang pinansyal na epekto ng pagbabago ng mapa, nag-aalok ang NFIP ng **diskwento sa bagong naimapa** para sa unang taon para sa mga bagong idinagdag na gusali sa SFHA. Pagkatapos nito, unti-unting tataas ang premium kada taon hanggang sa maabot nito ang full-risk na premium. Kung bibili ka ng non-NFIP na insurance sa baha mula sa isang pribadong carrier, maaaring may iba silang mga patakaran sa underwriting. Makipag-ugnayan sa iyong ahente ng insurance para sa higit pang detalye. May karagdagang impormasyon din sa [www.floodsmart.gov/flood-map-updates](http://www.floodsmart.gov/flood-map-updates).

Dagdag pa rito, nalalapat sa mga gusali sa SFHA ang mga kinakailangan sa pagkuha ng permit para sa floodplain, at posibleng may mga limitasyon sa mga maaaring gawing pagpapaganda, gaya ng mga karagdagan (tingnan ang Tanong #9 ng FAQ para sa higit pang detalye).

## 8. Nasa isang SFHA ng Komunidad ang aking property, anong impormasyon ang kailangan kong malaman?

Binubuo ang SFHA ng Henrico County ng mga FEMA SFHA at SFHA ng Komunidad. May mataas na panganib sa baha ang mga lugar na ito at napapailalim ang mga ito sa mga paghihigpit sa pag-develop na itinakda ng Ordinansa para sa Floodplain ng County. Nilalayan ng Ordinansa para sa Floodplain na maisulong at protektahan ang kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng mga residente ng Henrico at mabawasan ang mga pagkalugi dahil sa pagbaha. Kung may mga tanong ka tungkol sa kung ano ang maaari mong gawin o hindi mo maaaring gawin sa iyong property na nasa SFHA o tabi nito, makipag-ugnayan sa aming Help Desk sa 804-501-7463. Isinasagawa na ang mga update sa mga SFHA ng Komunidad at inaasahang makumpleto ang mga ito sa 2025. Alamin ang higit pa sa [henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates](http://henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates).

Bagama't hindi mandatoryo ang coverage ng insurance sa baha sa mga SFHA ng Komunidad kung mayroon kang mortgage mula sa pederal na kinokontrol o nakasegurong lender, lubos pa rin itong hinihikayat dahil hindi sakop ng karamihan sa insurance ng mga may-ari ng bahay at nagrerenta ang pinsalang dulot ng baha.



**Mahigit 40 porsyento ng mga claim para sa baha ang nagmumula sa mga lugar sa labas kung saan mandatoryo ang pagbili ng insurance.**



I-scan ang QR code para bisitahin ang webpage ng Mga Update sa Mapa ng Henrico para sa karagdagang kaalaman.



Henrico County  
VIRGINIA

## 9. Anong mga kinakailangan sa pagkuha ng permit ang naaangkop sa mga property na nasa isang lugar na may mataas na panganib?

Nakakatugon dapat ang lahat ng pag-develop sa SFHA at sa katabi nito sa mga kinakailangan sa Ordinansa para sa Floodplain ng Henrico (Kabanata 10, Artikulo 1 ng Code ng Henrico County). Kapag sinabing katabi ng SFHA, nangangahulugan iyon ng pag-develop sa loob ng 40 talampakan mula sa SFHA o sa loob ng 500-year floodplain.

Bago ka magpatayo, magtambak, o gumawa ng pagbabago sa lupa mo o sa gusali sa iyong property, dapat kang kumuha ng Permit sa Floodplain para makasunod sa Ordinansa para sa Floodplain ng County. Nilalayan sa Ordinansa para sa Floodplain na maisulong at maprotektahan ang kalusugan, kaligtasan, at pangkalahatang kapakanan ng mga residente ng Henrico at mabawasan ang mga pagkalugi dahil sa pagbaha. Dapat mong malaman ang sumusunod:

- Ipinagbabawal sa loob ng SFHA ang pagtatambak.
- Walang bagong residensyal na istruktura na pinapahintulutan sa loob ng SFHA o sa loob ng 15 talampakan mula sa SFHA, at hindi maaaring palawakin ang mga dati nang residensyal na istruktura sa mga lugar na ito.
- Kinakailangan ng mga bagong istruktura na hindi pangresidente sa SFHA na taasan ang pinakamababang palapag ng mga ito nang hindi bababa sa dalawang talampakan mula sa BFE. Ang karagdagang pagpapataas na ito, o freeboard, ay dagdag na hakbang para sa proteksyon mula sa pagbaha at maaari itong magresulta sa mga mas mababang premium ng insurance sa baha.
- Mas mataas dapat nang isang talampakan sa BFE ang pinakamababang palapag ng lahat ng istrukturang katabi ng SFHA, ibig sabihin nasa loob ng 40 talampakan mula sa SFHA o nasa loob ng 500-year floodplain ang mga ito.
- Kinakailangan ang mga Elevation Certificate na nagpapakita ng mga pagpapataas ng palapag para sa mga gusali nasa SFHA o nasa tabi nito.
- Kinakailangan ang No-Rise Certificate, na nilagdaan at tinatakan ng isang rehistradong Propesyonal na Inhinyero sa VA, para sa lahat ng pag-develop sa SFHA para maipakita na hindi nito madaragdagan ang pagtaas ng baha.

Bisitahin ang [henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates](http://henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates) o tumawag o mag-email sa Help Line ng Henrico County sa 804-501-7463 o [flood@henrico.us](mailto:flood@henrico.us) para sa higit pang impormasyon.

## 10. Nasa zone na may mataas na panganib sa baha ang aking bahay o negosyo. Ano ang gagawin ko kung gusto kong magpatayo ng isa pa o gusto ko itong pagandahin?

Dapat kang magsimula sa pamamagitan ng pag-apply para sa Permit para sa Pag-develop sa Floodplain para makasunod sa mga kinakailangan sa pag-develop sa floodplain at maiwasang makagawa ng mga magastos na pagkakamali. Hindi maaaring palawakin ang mga kasalukuyang pangresidenteng istruktura sa SFHA, ngunit posibleng payagan ang iba pang pagpapagawa, gaya ng mga pagpapaganda ng loob nito. Maaaring palawakin ang mga istrukturang hindi pangresidente kung matutugunan ang lahat ng naaangkop na kinakailangan sa code.

Para sa lahat ng pinapagandang gusali, hindi maaaring katumbas ng o lampas sa 50% ng halaga sa market ng kasalukuyang istruktura ang halaga ng pagpapaganda (pagbabago, pag-iiba, pag-aayos, muling pagtatayo, atbp.). Kung mas mababa sa 50% ang halaga ng mga pagpapagawa, hindi ito makapagpapataas sa hindi pagsunod ng istruktura.

Itinuturing na **malalaking pagpapaganda** ang mga pagdaragdag at/o iba pang pagpapaganda na nagkakahalaga ng 50% ng halaga sa market ng kasalukuyang istruktura o higit pa rito. Sa mga naturang sitwasyon, dapat sumunod ang buong istruktura sa mga kasalukuyang kinakailangan sa Ordinansa para sa Floodplain at Code sa Gusali.

## 11. Ano ang mangyayari kung ipinapakita na ngayon ang gusali ko sa isang lugar na may katamtaman o mababang panganib, sa halip na sa lugar na may mataas na panganib?

Kung bagong natukoy ang iyong gusali sa isang lugar na may katamtaman o mababang panganib kapag naging epektibo na ang mga mapa, hindi iaatas sa iyo ng batas na bumili ng insurance sa baha kung mayroon kang mortgage mula sa pederal na kinokontrol o naka-insure na lender. Gayunpaman, maaari pa ring hilingin sa iyo ng lender mo na magkaroon ka ng coverage ng insurance sa baha.

Bagama't maaaring nasa katamtaman o mababa lang ang panganib mo sa baha, may panganib pa rin sa property mo. Lubos pa ring inirerekomenda ang insurance sa baha sa mga lugar na ito. Sa katunayan, mahigit sa 40% ng lahat ng claim sa insurance sa baha ng NFIP ang fina-file ng mga policyholder ng NFIP sa labas ng mga naimapang lugar na may mataas na panganib sa baha.

Posible pa ring mapailalim ang mga gusali sa lugar na ito sa mga panregulatoryong kinakailangan kung nasa 500-year floodplain ito o nasa loob ito ng 40 talampakan mula sa SFHA.

### Mga Kahulugan

**Ang Base Flood Elevation** ay ang taas (mula sa sea level) na tinatayang maabot o malampasan ng mga tubig-baha sa isang pagbaha na may kahit man lang 1% posibilidad na mangyari sa anumang partikular na taon, na tinatawag ding SFHA o 100-year floodplain.

**Pag-develop** – Anumang pagbabagong ginagawa ng tao sa pinaganda o hindi pinagandang real estate.

**Freeboard** – Karagdagang margin ng kaligtasan, na ipinapahayag sa talampakan mula sa isang partikular na pagtaas ng baha, na karaniwang BFE. Nagpapatupad ang Henrico County ng kinakailangang 2 talampakang freeboard sa loob ng SFHA at kinakailangan na 1 talampakang freeboard sa mga lugar na katabi ng SFHA.



I-scan ang QR code para bisitahin ang webpage ng Mga Update sa Mapa ng Henrico para sa karagdagang kaalaman.



Henrico County  
VIRGINIA

## 12. Paano kung ipinapakita ang aking bahay o negosyo sa isang lugar na may mataas na panganib, ngunit sa palagay ko ay nagkamali lang sa pagtatalaga?

Kung sa palagay mo ay nagkamali sa pagmamapa ng iyong property sa isang lugar na may mataas na panganib, maaari kang magsumite ng kahilingan sa FEMA para sa isang LOMC. Ipinapakita sa isang LOMC ang opisyal na rebisyon/pagbabago sa isang epektibong FIRM. Kung pinayagan ang kahilingan sa LOMC, posible kang maging kwalipikado sa mas mababang premium ng insurance sa baha o magkaroon ng opsyon na hindi bumili ng insurance sa baha. Dapat magbigay ng teknikal na data para suportahan ang anumang claim na nagkamali sa pagmamapa ng isang property, gaya ng data sa pagpapataas ng sahig at/o mga narebisang pag-aaral tungkol sa baha. Para alamin pa ang tungkol sa mga LOMC ng FEMA, bisitahin ang [www.fema.gov/letter-map-changes](http://www.fema.gov/letter-map-changes).

## 13. Umuupa ako ng property sa isang lugar na may mataas na panganib. Dapat bang mayroon akong Insurance sa Baha?

Kung umuupa ka ng bahay o negosyo sa isang parcel na nasa SFHA, tandaan na bagama't may insurance sa baha ang landlord mo para sa gusali niya, hindi sakop ng insurance na iyon ang mga personal mong gamit. Isang hiwalay na policy lang sa insurance sa baha ang makakasakop sa mga gamit na nasira dahil sa baha. Protektahan ang iyong sarili sa pamamagitan ng policy sa coverage na nakasaad sa insurance sa baha. Matutulungan ka ng iyong ahente ng insurance na makakuha ng policy at masagot ang mga tanong mo.

## 14. Paano ko mapoprotektahan ang aking property mula sa pagbaha?

Nakabatay ang mga premium ng insurance sa baha sa bilang ng mga salik, ngunit may ilang pagkilos kang maaaring gawin para mas maging abot-kaya ang insurance sa baha kada taon:

- **Pababain ang iyong panganib sa baha.** Madalas na malaki ang kinalaman ng binabayaran mo para sa insurance sa baha ng NFIP sa kung gaanong kalaking panganib sa baha ang nauugnay sa property mo. Kapag nabawasan ang panganib mo sa baha, hindi lang nito napoprotektahan ang mga property mo mula sa pinsala dahil sa baha, nakakatulong din ito na mapababa ang mga gastos sa insurance.
- **Mabigay ng elevation certificate.** Bagama't hindi kinakailangan kapag bumili ng policy, maaari itong makatulong sa iyong ahente ng insurance na mabigyan ka ng mas magandang rate.
- **Pumili ng mas mataas na deductible.** Kapag pumili ng mas mataas na deductible, bababa ang premium mo, pero kakailanganin mong sagutin mula sa sariling balsa ang karamihan sa gastos sa pagpapagawang muli. Kapag tinaasan ang deductible sa iyong policy sa insurance sa baha sa \$10,000 na maximum, maaaring mabawasan ang iyong taunang premium nang hanggang sa 40 porsyento. Tandaan, maaaring hindi naaangkop o pinapayagan para sa lahat ang paggamit ng maximum na deductible.

Bisitahin ang <https://www.floodsmart.gov/how-can-i-pay-less> para sa higit pang detalye. Kasalukuyang inaasikaso ng Henrico County ang pagsali sa CRS Program, na magbibigay ng diskwento sa premium ng insurance sa baha sa lahat ng policyholder ng NFIP sa County. Inaasahan ito na magkabis sa Oktubre 2024.

## 15. Ano ang mga nalalapat na panuntunan sa paghahayag kapag bibili ng property sa isang floodplain?

Ang Virginia ay isang "Buyer Beware" na estado. Nangangahulugan itong hindi kinakailangan ng mga seller na maghahayag ng anumang impormasyong nauugnay sa panganib sa baha ng property, pagiging malapit sa mga pinapangasiwaang flood zone, coverage ng insurance sa baha, o mga dating pinsalang dulot ng baha. Dapat magsagawa ang lahat ng potensyal na buyer ng naaangkop na pagsisikap na alamin ang tungkol sa isang property bago bumili, kabilang ang pagsusuri sa panganib sa baha ng property at anumang regulasyon ng Pederal na Pamahalaan o County na nalalapat sa isang property batay sa lokasyon nito sa SFHA.

Inihayag sa General Assembly nito lamang 2024 Session ang batas para baguhin ang mga kinakailangan sa paghahayag kaugnay ng baha, ngunit hindi naipasa ang batas na ito. Kung inaalala mo ang tungkol sa mga kinakailangan sa paghahayag tungkol sa baha sa Virginia, pag-isipang makipag-ugnayan sa iyong mga kinatawan sa Kamara at Senado tungkol sa isyung ito. Matutukoy mo ang iyong mambabatas dito: [whosmy.virginiageneralassembly.gov](http://whosmy.virginiageneralassembly.gov).

## 16. Anong mga karagdagang sanggunian ang magagamit?

Ang sumusunod ay listahan ng mga sanggunian at impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga karagdagang katanungan.

- Bisitahin ang [henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates](http://henrico.gov/works/design/floodplain/map-updates) para tingnan ang mga na-update at kasalukuyang epektibong mapa at maghanap ng impormasyon tungkol sa proyekto at mga paparating na kaganapan
- [FloodSmart.gov](http://FloodSmart.gov): Pangkalahatang impormasyon tungkol sa insurance sa baha ng NFIP
- Mga Pagbabago sa Mapa at Insurance sa Baha: Ano ang Kailangang Malaman ng mga May-ari ng Property: Brochure ng FEMA (<https://bit.ly/Property-Owners>)
- Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa insurance sa baha at pagmamapa ng panganib sa baha, tumawag sa FEMA Mapping and Insurance eXchange (FMIX) sa 1-877-FEMA MAP (1-877-336-2627) o mag-email sa FEMA-FMIX@fema.dhs.gov. Bukas ang FMIX mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 7:00 p.m. ET.

## KAILANGAN NG TULONG? MAKIPAG-UGNAYAN SA HELP DESK PARA SA MGA UPDATE SA MAPA NG BAHA NG HENRICO



Telepono: 804-501-7463



Email: [flood@henrico.gov](mailto:flood@henrico.gov)



Available ang mga Serbisyo sa Pagsasalin



I-scan ang QR code para bisitahin ang webpage ng Mga Update sa Mapa ng Henrico para sa karagdagang kaalaman.



Henrico County  
VIRGINIA